Hulyo 19, 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

PARA SA : Mga Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
Mga Hepe ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Mga Pribado at Pampublikong Punong-guro

---

1. Batay sa Memorandum Panrehiyon Blg. 0523, s. 2018 at Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s.2 018, ang Komisyon sa Wikang Filipino(KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa 2018 tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto, 2018 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay, ***Filipino: Wika ng Saliksik***.

2. Kaugnay nito, sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division ay nagtatakda ng mga gawaing pangwika at paligsahan ayon sa mga sumusunod:

   a. Elementarya
      1. Ispeling (Grade 6)
      2. Madulang Pagkukuwento
      3. Sulat Bigkas ng Tula

   b. Sekundarya
      1. Dalawa sa Musika (grade 7-10)
      2. Musical Video (Grade 7-10)
      3. Cosplay (Noli Me Tangere)
      4. Interpretatibong Pagbasa

   c. Higit na Mataas na Paaralan (Senior High School)
      1. Infomercial
      2. Aksiyong Pananaliksik (Student and Teacher Category)
      3. Dagliang Talumpati

   d. Dibisyon
      1. Kasuotang Pilipino
      2. Pista sa nayon

20 JUL 2018

3. Para sa mga paligsahang tampok sa panrehiyong paligsahan, tingnan ang kalakip na Panrehiyong Memorandum Blg. 0523, s. 2018.

4. Para magiging makulay ang pagdiriwang sa taong ito, hinihikayat ang lahat na magsusuot ng mga kasuotang Pilipino tuwing Lunes sa loob ng buwang ito para sa mga kawani ng dibisyon maging sa mga eskwelahan upang bigyang pansin ang likas ng ating pagka-Pilipino sa pamamagitan ng iba't ibang kasuotan.

5. Iminumungkahi ang pagsusuot ng mga kasuotang pinoy batay sa mga sumusunod:

   a. Agosto 6 Kasuotang Luzon (Balintawak, Cordillera, Ilokandiya atb.)

   b. Agosto 13 Kasuotang Bisayas (Kamisa, Baro't Saya, kimono, kimona, patadyong)

   c. Agosto 20 Kasuotang Mindanao

   d. Agosto 27 Kasuotang Asean

   e. Agosto 31 Pampinid na Palatuntunan – Kasuotang Pilipino (Filipiniana, Barong, Luzon, Visayas Mindanao na Kasuotan)

6. Tampok sa pagdiriwang na ito ang mga gawain na gagawin sa Agosto 30-31, 2018 kaalinsabay sa Pampinid na Palatuntunan ng pagdiriwang. Ito ay gaganapin sa bulwagan ng dibisyon, GSP at Robinson na dadaluhan ng mga tagamasid ng purok, mga kawani ng dibisyon, at DSS sa Filipino. Matutunghayan ang mga gawain sa nasabing mga araw;

**Agosto 30**

**Division Conference Room**

| | |
|---|---|
| 8:00-5:00 | IISPEL MO |
| | SULAT BIGKAS NG TULA |
| | DAGLIANG TALUMPATI |
| | AKSIYONG PANANALIKSIK |

**Girl Scout of the Philippines**

| | |
|---|---|
| 8:00-5:00 | INTERPRETATIBONG PAGBASA |
| | MADULANG PAGKUKUWENTO |

**Agosto 31**

**Division Conference Room**

| | |
|---|---|
| 8:00-11:00 | INFOMERCIAL |
| | MUSICAL VIDEO |
| | DALAWA SA MUSIKA |
| 11:00-12:00 | PISTA SA NAYON |
| | KASUOTANG PILIPINO |
| **Robinson** | |
| 1:00-5:00 | COSPLAY |

7. Kalakip ng memorandum na ito ang mga panuntunan sa iba't ibang paligsahan.

6. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**WILFREDA D. BONGALOS, Ph.D., CESO V**
Schools Division Superintendent

WDB/raj

**MGA ALITUNTUNIN NG MGA PALIGSAHAN SA BUWAN NG WIKA 2018**

## A. ELEMENTARYA

| **Paligsahan** | MADULANG PAGKUKUWENTO | |
|---|---|---|
| **Baitang ng Mag-aaral** | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED **(Visually Impaired)** na may **edad labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
c) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;
d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
g) Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
h) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

| Paligsahan | SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS TULA) | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 6 | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Oras na Inilaan | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
| Batayan ng Kapasyahan | PAGSULAT | 50% |
| | Interpretasyon ng Tula | |
| | Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks (10%) *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| Batayan ng Kapasyahan | PAGBASA | 50% |
| | Hikayat | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | Tinig at Bigkas | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (10%) | |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Kabuuan | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**ISPELING: IISPEL MO!**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya
2. Ang bawat mga aytem sa paligsahan ay may 10 aytem na Madali, 10 aytem na Katamtaman, 10 aytem na Mahirap Ang mga salita ay nakapaloob sa pangungusap at kinakailangan na sa wastong sagot sa bawat aytem ay nakasaad ang pinagbatayang tuntunin na ayon sa 2013 Ortograpiyang Pa Pambansa (OP) at UP Diksyonaryong Filipino.
3. Babasahin ng Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang baybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng kalahok.
4. Ang puntos at bilang ng aytem ay babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI | – 10 aytem x 2 punto = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | – 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos |
| MAHIRAP | – 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos |
| KABUUAN | = 100 puntos |

5. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
6. Sa sandaling magkakaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.
7. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   7.1. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos.
   7.2 Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.
   7.3. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos.
   7.4 Magkakaroon ng knock-out round.
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.

**B. SEKUNDARYA**

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11 o 12 | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | Taginting (5%) | |

| | | |
|---|---|---|
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;

b) Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;

c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;

d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 | segundo | - .5 puntos |
| 31-60 | segundo | - 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | - 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at

f) Corporate attire ang inaasahang kasuotan.

| Paligsahan | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
|---|---|---|
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10.** | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt**;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
j) Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok; at
k) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **Dalawa sa Musika** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Oras na Inalaan** | **3-5 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Abilidad sa Pagkanta | 20% |
| | Varyasyon ng Boses | 40% |
| | Interpretasyon at Musikalidad | 15% |
| | Tikas sa Entablado | 5% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**Panuntunan**

a) Ang bawat kalahok ay may kalayaan sa pagpili ng piyesa na kakantahin. Kailangang ito ay isang OPM o orihinal na awiting Pilipino.

b) Ang kalahok sa paligsahan na ito ay manggagaling sa Baitang 7-10 lamang.

c) Ang paligsahang ito ay magpapamalas sa galing ng kalahok na kantahin ang piyesa sa dalawang boses (boses babae at boses lalaki).

d) Hindi kailanging mag doble-kara ang kalahok sa pagsusot ng damit. Sa halip, hinihikayat na magsusuot ito ng Barong (kung lalaki) o Filipiniana (kung babae).

e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

| **Paligsahan** | **Musical Video** | |
|---|---|---|
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok (Live performance)** | **Depende sa interpretasyon ng kanta** | |
| **Oras na Inalaan** | **3-5 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | BAGO ANG PALIGSAHAN | |
| | Estetik Valyu | 30% |
| | Pagsasalin ng materyal | 30% |
| | Sinematograpiya | 30% |
| | Kahusayan at dating ng obra | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |
| | AKTUWAL NA PALIGSAHAN | |
| | Estetik Valyu | 30% |
| | Interpretasyon | 30% |
| | Pagsasalin ng materyal | 30% |
| | Tikas sa entablado at dating sa madla | 10% |
| | Kabuuan | **100%** |

**Panuntunan**

a) Ang MUSICAL VIDEO ay isang paligsahan sa paggawa ng video sa pamamagitan ng pagsasalin sa isang awitin mula sa English. Ang pipiliing kanta ay yaong wala pang version sa Filipino.

b) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mag-aaral sa sekundarya. Isumite lamang ang inyong nagawang video ayon sa nakatakdang panahon. Isang minus one na may liriko na pang videoke, at isang may interpretasyon ng naturang kanta.

c) Ang komiti sa nasabing paligsahan ay pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay itatanghal sa araw ng Pampinid na Palatuntunan para sa aktuwal na paligsahan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.

d) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite ngayong Agosto 20, 2018 kay G. Renante A. Juanillo, Superbisor ng Filipino.

e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.

Tel. Nos: (035)225-2838 / 225-0667/422-7644 (Division Supt's Office); (035) 225-1622 (CID); (035) 225-1623 (Legal Section);
(035)225-6180 (SGOD); (035) 422-7643 (Cash Section); (035) 422-8511 (Planning Section); (035) 225-6987 (Record's Section);
(035) 422-5283 (Admin. Section); (035) 422-0267 (Personnel Section); (035) 225-2376 (Guard/Medical/Dental Sections);
(035) 225-7012 (Educ. Facilities Section); (035) 225-1640 & (035) 225-1640 (Acct. Budget Section); (035) 422-3921 (Supply Section)

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **Infomercial** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 11-12** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Hindi kailangan** | |
| **Oras na Inalaan** | **5-10 minuto** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Sequence Iskrip | 20% |
| | Sinematograpiya | 30% |
| | Tunog at Musika | 30% |
| | Produksiyon | 10% |
| | Direksiyon | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**Panuntunan**

a) Ang INFOMERCIAL ay isang paligsahan tungkol sa paggawa ng video kaugnay sa matagumpay na kuwentong buhay ng isang Senior High School at sa eskwelahan na kanyang pinapasukan.

b) Malaya ang kalahok/mga kalahok sa pagbuo ng infomercial. Subalit isaalang-alang nito ang haba ng nabuong pelikula. Kailangang hindi ito lalagpas sa 10 minuto.

c) Ang komiti sa nasabing paligsahan ay pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay ipapalabas sa araw ng Pampinid na Palatuntunan para sa aktuwal na paligsahan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.

d) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite ngayong Agosto 20, 2018 kay G. Renante A. Juanillo, Superbisor ng Filipino.

e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **Aksiyong Pananaliksik** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 11-12 (para sa kategorya ng mga mag-aaral) at mga guro sa lahat ng antas (para sa katagorya ng mga guro)** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **3** | |
| **Oras na Inalaan** | **10 minuto para sa paglalahad at 5 minuto para idepensa ang papel** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Kauuan ng Saliksik<br>*Abstrak* 5%<br>*Rebyu ng Kaugnay na Literatura* 15%<br>*Problema ng Saliksik* 5%<br>*Metodo ng Saliksik* 5%<br>*Paglalahad ng Resulta* 15%<br>*Konklusyon* 5% | 50% |
| | Pagtatanghal/Pagdepensa<br>*Kaayusan ng Pagtatanghal (slide deck)* 15%<br>*Pagpapatibay ng argyumento* 15%<br>*Taginting ng boses* 10%<br>*Tikas entablado/Kasuotan* 10% | 50% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**Panuntunan**

a) Ang paligsahan na ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Higit na Mataas na Paaralan (Senior High School) at mga guro na sakop ng dibisyon.

b) Ang bawat eskwelahan ay puwedeng magpasok nang higit sa isang papel para sa paligsahan.

c) Ito ay pangkatang gawain na binubuo ng tatlong mag-aaral na siyang mag depensa sa kanilang papel, at tatlong guro para sa kanilang papel din.

d) Ang lahat ng papel (tatlong kopya) ay isusumite sa dibisyon ngayong Agosto 20, 2016.

e) Ang tatlong papel na mapipili ay ang siyang tuluyang magpapakita ng kanilang papel sa

pamamagitan ng isang power point presentation/slide deck sa harap ng mga panelista gamit ang balangkas na ito;

1. Abstrak
2. Introduksiyon
3. Rebyu ng Kaugnay na Literatura
4. Problema ng Saliksik
5. Layunin ng Saliksik
6. Metodo ng Saliksik
7. Paglalahad ng Resulta
8. Kongklusyon

f) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **COSPLAY** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok** | | |
| **Oras na Inalaan** | **1 Minuto upang maipakilala ang sarili, ang papel na gagampanan at 30 segundo na solilukoy sa katauhan ng karakter** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Angkop na kasuutan | **50%** |
| | Tikas sa entablado | **15%** |
| | Solilukoy | **20%** |
| | Kakisigan at Dating sa madla | **15%** |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**Panuntunan**

a) Ang COSPLAY ay isang paligsahan para sa mga mag-aaral ng sekundarya na kakatawan sa mga piling tauhan ng Noli Me Tangere. Paligsahan ito ng kasuotang angkop sa katauhan ng karakter.

b) Ang napiling kalahok ay maghahanda ng isang solilukoy na kadalasang sabihin ng karakter na hindi bababa at hihigit sa 30 segundo.

c) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
REHIYON VII, GITNANG VISAYAS
REGION VII, CENTRAL VISAYAS
Sudlon, Lahug, Cebu City

JUL 17 2018

REGIONAL MEMORANDUM
No. 0523, s. 2018

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018

Para sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Batay sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2087, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwang ng Wikang Pambansa 2018** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Flipino: Wikang ng Saliksik*.

2. Kaugnay nito, nagtatakda ang Tanggapan ng Patnugot ng Rehiyon sa pangunguna ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) ng mga gawaing pangwika at paligsahan para sa taong ito.

3. Ang mga sumusunod ay ang mga itinakdang paligsahan;

   a. Elementarya
      1. MADULANG PAGKUKUWENTO – para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 4-6 at sa mga mag-aaral na Visually Impaired
      2. SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS TULA)- para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 6
      3. Iispel Mo! – para sa mga mag-aaral na mula sa Baitang 6

   b. Sekundarya
      1. DAGLIANG TALUMPATI – para sa mga mag-aaral mula sa Senior High School (Baitang 11 0 12)
      2. INTERPRETATIBONG PAGBASA – para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7-10

4. Inaasahan na isasakatuparan ng bawat sangay o dibisyon ang mga gawain kaalinsabay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ang mananalo sa pansangay na paligsahan ay siyang magiging opisyal na kinatawan para sa Panrehiyong Tagisan ng Talento at Paligsahan sa Iispel Mo!.

5. Kalakip nito ang mga Alituntunin ng mga Paligsahan sa Buwan ng Wika 2018 at iba pang mga dokumento para sa mga karagdagang detalye.

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap nito.

JULIET A. JERUTA, Ph.D., CESO IV
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

JAJ/EBEJ/efp
CLMD

Office of the Director (ORDir), Tel. Nos.: (032) 231-1433; 231-1309; 414-7399; 414-7325; Office of the Assistant Director, Tel. No.: (032) 255-4542
Field Technical Assistance Division (FTAD), Tel. Nos.: (032) 414-7324 Curriculum Learning Management Division (CLMD), Tel Nos.: (032) 414-7323
Quality Assurance Division (QAD), Tel. Nos.: (032) 231-1071 Human Resource Development Division (HRDD), Tel. No.: (032) 255-5239
Education Support Services Division (ESSD), Tel. No.: (032) 254-7062 Planning, Policy and Research Division (PPRD), Tel. Nos.: (032) 233-9030; 414-7065 Administrative Division, Tel. Nos.: (032) 414-7326; 414-4367; 414-7366; 414-7322; 414-4367
Finance Division, Tel. Nos.: (032) 256-2375; 253-8061; 414-7321

" EFA 2015: Karapatan ng Lahat, Pananagutan ng Lahat "

Republic of the Philippines
# Department of Education

16 JUL 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 119 , s. 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay Filipino: Wika ng Saliksik.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loób ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, Sangay ng Edukasyon at *Networking (SEN)*, Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2519; (02) 736-2524; (02) 736-2525 o email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com at website: www.kwf.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg.: 58, s. 2017

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MCR/ DM Buwan ng Wikang Pambansa
0405/May 15, 2018, 2018